



Print



Tweet

Ipamahagi ang 22

Ang mga sumusunod ay nagpapaliwanag kung paano mo matatanggap si Hesu Kristo:

Pwede mong tanggapin ngayon si Kristo sa pananampalataya sa pamamagitan ng panalangin. Alam ng Diyos kung ano ang laman ng puso mo at hindi siya concern sa mga salitang sinasabi mo pero mas concern siya sa tunay na laman ng puso mo. Ang panalangin ito ay isang Sinner's Prayer:

Tagalog Sinner's Prayer:

Panginoong Hesus kailangan ko kayo. Maraming salamat po sa pagpapapako ninyo sa krus upang tubusin ang aming mga kasalanan. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay na bilang tagapagligtas at Panginoon. Marami pong salamat sa pagpapatawad sa aking mga nagawang kasalanan at sa ibinigay ninyong walang hanggang buhay sa akin. Amen

Ang panalangin ito ba ay ineeexpress ang laman ng puso mo?

Kung oo, Iniimbitahan kita na manalangin ngayon at darating si Kristo sa iyong buhay.

Paano malalaman na si Kristo ay nasa Buhay mo:

Tinanggap mo na ba si kristo sa iyong buhay? Ayon sa kanyang pangako sa Revelation 3: 20,

ano ang relasyon sa iyo ni Kristo ngayon? Sabi ni Kristo ay darating siya sa buhay mo. Magsisinungaling ba siya sayo? Sa anong kapamahalaan na alam mo na sinagot ng Diyos ang iyong panalangin? Sa katotohanan ng Diyos at ng kanyang salita.... Sabi nga sa mga salita sa Bibliya bago pa sya ipanganak , kaya dapat tayong magtiwala na pinatawad na niya tayo.

Ang Bibliya ay nagpangako ng Walang hanggang buhay sa mga tumanggap kay Kristo:

Binigyan tayo ng Diyos ng walang hanggang buhay, at ang buhay na ito ay ang kanyang anak. Kung sino man ang tumanggap sa kanyang anak ay may buhay. At kung sino man ang hindi tumanggap ay walang buhay. Sa mga salitang sinulat ko maniwala ka sa pangalan ni Hesu Kristo na anak ng Diyos upang magkaroon ka ng walang hanggang buhay. (1 John 5: 11-13)

Magpasalamat palagi kay Kristo sa iyong buhay upang hindi ka niya iwan (Hebrews 13:5)

Malalaman mo sa pamamagitan ng Kanyang pangako na si Kristo ay nananahan na sa iyo at may buhay na walang hanggan ka na sa simula ng inimbitahan mo siya na pumasok sa buhay mo.